


PAG-UULAT SA KARBON AT NAPAPALITANG ENERHIYA SA PILIPINAS

Nina Angelica Y. Yang at Jason Paolo Telles
Climate Tracker Fellows



Punong Buod

Ang Timog-silangang Asya ay isang mabilis na umuunlad na rehiyon, at mahalaga ang mga desisyon nito sa enerhiya sa pandaigdigang pagsisikap sa susunod na dekada para mabawasan ang mga fossil fuel na naglalabas ng karbon. Subalit, kaunti lang ang nalalaman tungkol sa mga partikular na salaysay ng media na humuhubog sa mga pambansang debate sa paglipat ng enerhiya sa bawat bansa. Para sa mga nakikinabang na gustong impluwensiyahan ang naturang mga salaysay at pataasin ang kalidad ng pag-uulat tungkol sa enerhiya, mahalaga ang mga natutunan sa nakaraan para sa tagumpay sa hinaharap. Ang kakulangan sa kaalaman na ito ang gustong punan ng Climate Tracker at ng Stanley Center for Peace and Security gamit ang pagsusuri ng pamamahayag ng media na nauugnay sa enerhiya sa limang bansa sa Timog-silangang Asya.

Tone-toneladang karbon ang ibinababa sa loob ng isang bodega sa Tondo sa lungsod ng Maynila, Metro Manila, Pilipinas. Larawang kuha ni Romeo Ranoco/Reuters

Pabalat: Ang mga solar panel sa roof deck ng isang mall sa lungsod ng Quezon, Metro Manila, Pilipinas. Larawang kuha ni Romeo Ranoco/Reuters

Ang ulat na ito tungkol sa Pilipinas ang una sa isang serye ng mga ulat na kinomisyon ng Stanley Center at ginawa ng Climate Tracker na magkasamang ilalathala bilang bahagi ng “Pagpapasiklab sa mga Maliliit na Tigre: Paano Ipinapahayag ng mga Media ng Timog-silangang Asya ang Huling Hangganan ng Karbon (“Fueling the Tiger Cubs: How Southeast Asia’s Media Is Covering Coal’s Last Frontier),” isang pagsusuri ng media ng maraming bansa na pinangungunahan ng mga bagong mamamahayag mula sa Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Thailand, at Vietnam.

Ang bawat isa sa mga bansa sa Timog-silangang Asya sa aming pag-aaral ay may natatanging katayuan ng media na may iba’t ibang hamon at oportunidad para sa pag-uulat tungkol sa enerhiya. Para sa Pilipinas—isang maliit na kapuluan kung saan **nag-aambag ang karbon ng mahigit sa kalahati ng kabuuang output ng enerhiya**—ang mga salaysay tungkol sa karbon at mga renewable ay sadyang iniimpluwensiyahan ng maliit na bilang ng mga **higanteng pangkomersyong media**. Kaya hindi nakakagulat noong nalaman namin na ang karamihan ng mga balita tungkol sa enerhiya ay mula sa pananaw na pangnegosyo.

Gayunpaman, may mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga prayoridad ng salaysay ng mga bigating nakabase sa Metro Manila gaya ng *INQUIRER.net* at *Philippine Star* at mas maliliit na mamamahayag mula sa mas malalayong isla ng Visayas at Mindanao. Sa pagdating ng digital media, nagsimulang maging mas aktibo ang papel na ginagampanan ng mga independiyenteng site ng balita, halimbawa, ang social news network na Rappler, na nagsimula bilang isang Facebook page at lumaki at naging pangalawang pinakamalaking online media platform sa bansa. Ang mga ahensiyang pagmamay-ari ng pamahalaan gaya ng Philippine News Agency (PNA) ay nag-aambag din sa salaysay, bagama’t wala na silang monopolya gaya sa ilalim ng diktador na si Ferdinand Marcos.

Sinuri ng dalawang Filipinong mananaliksik, sina Angelica Yang at Jason Paolo Telles, ang mahigit 1,350 artikulo sa walong mamamahayag mula sa lahat ng kategorya sa itaas. Narito ang mga pangunahing natuklasan nila:

- Ang mga presyo ng koryente at pagkakaroon ng kuryente ay isang pangunahing alalahanin ng higit sa kalahati ng mga balita sa enerhiya.
- Bagama’t masyadong umaasa ang Pilipinas sa karbon, sadyang binibigyang-diin ng mga salaysay tungkol sa fossil fuel na ito ang mga negatibong epekto nito sa lipunan kaysa sa mga benepisyong pang-ekonomika.
- Ang mga panrehiyong pahayagang nakabase sa Mindanao at Visayas ang nanguna sa pamamahayag ng araw-araw na pagdurusa ng mga komunidad sa paligid ng mga planta ng karbon, habang sinipi ng mga pangunahing pinagmumulan ng balita na GMA News Online (GNO) at Philstar.com ang mga pambansang tagasuporta ng kalikasan at mga gumagawa ng patakaran.
- Ang *INQUIRER* lang na nakabase sa Manila ang namumukod-tanging sumalungat sa kalakaran ito, nagpapalabas ng marami-raming artikulong umaayon sa pananaw na “nananatiling kailangan ang karbon” na sumipi ng mga sanggunian gaya ng World Coal Association. Hindi ito dulot ng iisang dahilan. Gayunpaman, sa panayam sa isang editor ng *INQUIRER* ang nagpahiwatig na bihirang nakatuon ang pahayagan sa mga epekto sa kapaligiran kapag nag-uulat tungkol sa enerhiya.
- Pagkatapos ng mga pagkawala ng koryente noong 2019, kung saan hindi natugunan ng mga plantang pinapatakbo ng karbon ang pinakamataas na pangangailangan, nakita natin ang pagbabago ng salaysay tungo sa pananaw na

pambansang seguridad sa enerhiya. Nagmula ang salaysay na ito sa tumitinding pagkabahala sa mga presyo ng koryente.

- Nagulat kami na sa 20 buwang pinag-aralan, tatlong beses na mas maraming naiulat na balita ng renewable energy kaysa sa mga balita tungkol sa karbon.
- Bagama’t ang geothermal ang may pinakamalaking bahagi sa merkado sa lahat teknolohiya ng renewable sa Pilipinas, ang solar power ang nakakaagaw ng pinakamaraming atensyon ng media dahil ito ay bagong teknolohiya na may **pinakamataas na tinatayang antas ng pag-unlad**.
- Madalas na ipinahihiwatig ng mga pangkomersyong pahayagan sa Maynila ang solar bilang magandang pamumuhunan para sa mga negosyo at mga tagapagkonsumo.
- Sa Mindanao, kung saan ang pribadong pamumuhunan na nakatuon sa solar ay hindi kasing-lakas, tinatangkilik ng mga mamamahayag ng *MindaNews* ang pananaw sa pagbabalita na lokal-kontra-pamahalaan habang tinatalakay kung paano hindi napakinabangan ng komunidad ang mga solar na proyekto ng pamahalaan gaya ng inaanunsiyo. Nakakapagtaka na ang pananaw na pangkalikasan, kapag ginagamit, ay nakakatanggap lamang ng pangalawang atensyon sa karamihan ng mga artikulo tungkol sa renewable energy.
- Kumpara sa solar, masyadong kulang ang ibinibigay na pansin sa geothermal sa pag-uulat ng mga pangkomersyong pahayagan at pinakamadalas na binibigyang-pansin ng PNA na pagmamay-ari ng pamahalaan. Naiiba ang PNA sa ibang mga mamamahayag sa malinaw na pagbibigay-diin nito sa “development journalism,” na inilalarawan ng isang tagapagbalita bilang “mga artikulo na makakatulong sa pagtataguyod sa mga programa ng pamahalaan.” Ang pagpapaunlad sa geothermal ay programa na noon pang huling bahagi ng dekada 1970.
- Mula sa pakikipanayam sa mga may-akda ng iba’t ibang artikulo sa enerhiya, nalaman namin na ang mga personal na kaisipan ng mga mamamahayag ay maaaring makaimpluwensiya sa pagipili sa pananaw pang-enerhiya. Para sa ilang mga mamamahayag, kabilang ang mga patnugot, tungkulin nila na suportahan ang paglipat sa malinis na enerhiya sa Pilipinas sa pamamagitan ng paglalantad sa mga negatibong epekto ng karbon.
- Lampas ng personal na aspetong ito, ang mga pagkakaiba sa antas ng rehiyon ang nagpapasya kung saan pumupunta ang mga mamamahayag para sa mga tip at sipi, at mas umaasa ang mga mamamahayag sa Manila sa mga press release at mga lider ng negosyo, habang ang mga mamamahayag sa Visayas at Mindanao ay nakakakuha ng mga balita mula sa mga miyembro ng komunidad.
- Ang tanging mga pahayagang nagtatampok ng seksyon para sa kalikasan ay ang independiyenteng digital platform na Rappler, ang pagmamay-ari ng pamahalaan na PNA, at ang panrehiyong *MindaNews*. Lahat ng sinuring pangunahing pangkomersyong pahayagan ay walang seksyon para sa enerhiya o sa kalikasan—na posibleng nagpapahiwatig ng pag-impluwensiya ng may-ari sa mga desisyong editoriyal. Ang ilan ay wala ring nakalaang mga mamamahayag sa mga paksang ito. Kaya bihirang tinututukan ng mga mamamahayag na ito ang matagalan at batay-sa-aghamb na mga epekto sa kalikasan at klima ng iba’t ibang anyo ng enerhiya, at tumitigil sa pagbibigay-diin sa nakikitang mga kapinsalaan na dulot ng karbon sa mga komunidad sa paligid.



Pamamaraan

Kasama sa pagsasaliksik sa media ng Climate Tracker ang apat na pangunahing mga yugto:

- Pagpipili.
- Pagsusuri sa nilalaman.
- Pagsusuri sa balangkas.
- Mga panayam sa mga mamamahayag.

Ang pananaliksik ay isinagawa ni Angelica Yang, na sumuri sa karbon (coal) at pangkalahatang saklaw sa renewable na nakatuon sa solar power, at ni Jason Paolo Telles, na pinag-aralan ang partikular na kaso ng pag-uulat sa geothermal. Ang tagal ng panahon ng interes para sa pagsasaliksik ay mula Enero 2019 hanggang Agosto 2020.

1. Pagpipili

Pumili si Yang ng 1,329 na mga online na artikulo mula sa mga komersyal na mga pahayagan na nagpakita ng interes sa iba't ibang mga paksa ng karbon (coal), napapalitang enerhiya (renewable energy), at paksa ng koryente (electricity). Ang mga pahayagan ay ang:

- *INQUIRER.net*, ang digital na bersyon ng pahayagang Philippine Daily Inquirer, ang nangungunang diyaryo sa bansa.
- *Philstar.com*, ang digital na bersyon ng pahayagang Philippines Star, na isa ring nangungunang diyaryo sa bansa.
- GMA News Online (GNO), ang dibisyon ng digital na balitaan ng GMA broadcasting network.
- *SunStar Philippines*, partikular ang mga network nito sa Kabisayaan.
- *MindaNews*.

Ang mga pahayagang *INQUIRER.net*, *Philstar.com*, at GNO ay nakabase lahat sa Metro Manila at napili bilang kinatawan ng mas malawak na saklaw ng pambansang media, habang ang *SunStar* ay kumatawan sa rehiyon ng Kabisayaan at *MindaNews* sa rehiyon ng Mindanao. Ang mga artikulo ay manu-manong nasuri sa pamamagitan ng mga online na archive ng limang mga pahayagang media at lahat ng mga balita, tampok, at mga espesyal na ulat tungkol sa kasalukuyang mga kaganapan na nauugnay sa mga paksang interesante ay na-encode. Ang mga artikulo sa serbisyo sa wire, pati na rin ang mga artikulong may kaugnayan sa pampublikong ugnayan (public relations) o malinaw na naglalaman ng branded, ay hindi kasama sa pagsusuri.

Sa kanyang karagdagang pagsasaliksik, sinuri ni Paolo Telles ang 42 mga artikulo tungkol sa geothermal na enerhiya mula sa:

- *INQUIRER.net*.
- GNO.
- ABS-CBN News Online, ang digital na dibisyon ng balitaan ng ABS-CBN at isang nangungunang website ng balita.
- Rappler, ang namumukod na independiyenteng online news site ng Pilipinas.
- Philippine News Agency (PNA), ang opisyal na ahensiyang pambalitaan ng pamahalaan ng Pilipinas.

2. Pagsusuri sa Nilalaman

Para sa pagsusuri ng nilalaman, ang lahat ng mga mananaliksik ng media ng Climate Tracker ay gumamit ng isang pamantayan na **pamamaraan ng pag-coding** na binuo kasama ang mga mungkahi ng mga mananaliksik. Gamit ang pamamaraan sa pag-coding na ito, sinuri nila ang mga artikulo alinsunod sa 22 mga parametro sa limang kategorya: Uri ng Artikulo, Tuon ng Tema, Malawakang Pagbabalangkas, Kaalaman sa Paksa ng Enerhiya, at mga Ginamit na Sanggunian.

3. Pagsusuri sa Balangkas

Ang kumakatawan na sampol ng 120 na mga artikulo ay napili para sa pagsusuri sa balangkas. Ang bawat mananaliksik ay pumili ng kumakatawan na sampol ng lahat ng mga artikulong nakolekta—80 ng 1,329 na artikulo para kay Yang at 20 ng 42 na artikulo para kay Paolo Telles—upang magsagawa ng mas malalim na pagsusuri sa pagbabalangkas, na sinamahan ng pagtatanong tungkol sa pagpili ng mga sanggunian ng artikulo, pagkakalagay ng sanggunian, at mga istratohiyang lihis sa paksa. Ang kanilang template ng pagsusuri sa balangkas ay matatagpuan [dito](#).

4. Mga Panayam sa mga Mamamahayag

Sa kabuuan, 19 na mamamahayag ang nakapanayam sa buong pagsasaliksik na ito. Kinapanayam ni Yang ang 14 na mamamahayag, kabilang ang mga editor, mula sa limang pahayagan na sinuri niya habang lima naman ang nakapanayam ni Paolo Telles. Ang mga nakapanayam ay napili batay sa dalas ng kanilang mga byline. Tinanong ang mga tagapagbalita tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagsusulat ng mga balita sa enerhiya at kasanayan sa newsroom sa kani-kanilang mga pahayagan.



Angelica Yang | @angelicayang

Si Angelica Y. Yang ay isang multimedia reporter sa *BusinessWorld*. Bukod sa pagiging Media Research Fellow ng Climate Tracker, siya ay Journalism Fellow ng Climate Tracker para sa One Earth Program noong 2020. Bago ito, siya ay naging junior content producer sa GMA News Online nang ilang buwan.



Ang pagtatayo ng isang planta ng koryente na pinapatakbo ng karbon sa Pilipinas. Larawang kuha ni cpaulfell/Shutterstock

Panimula

Sa loob ng aking tatlong buwan bilang isang Research Fellow ng Climate Tracker Media, nagsagawa ako ng isang magkahalong pamamaraang pag-aaral na naglalayong sagutin ang tanong na, "Paano tinalakay ng mga nakabase sa Pilipinas na mga pahayagan ang mga usapin sa enerhiya na nauugnay sa karbon at sa napapalitang enerhiya mula Enero 1, 2019 hanggang Hulyo 1, 2020? (How did Philippine-based media outlets present energy issues related to coal and renewables from January 1, 2019, to July 1, 2020?)"

Matapos pag-aralan ang 1,329 na mga artikulo at pakikipanayam sa 14 na nagsasanay ng media, naging malinaw na mayroong isang markang paglipat mula sa karbon sa pambansa at panrehiyong talakayan ng media. Gayunpaman, ang napapalitang enerhiya ay halos ipinakita bilang isang kapaki-pakinabang na pamumuhunan para sa mga nagbibigay ng koryente at mga tagapagkonsumo sa halip na isang napapanatiling, pangmatagalang patakaran. Ang mga pangkalikasang balangkas para sa mga balita, kapag pinagtibay, ay karaniwang pinagtutuunan ang lokal na epekto ng karbon, habang ang pangangailangan para pagpigil sa pagbabago ng klima ay ipinaliwanag sa walong mga artikulo lamang.

Ang mga salaysay na ito ay nilalaro sa isang bansa na umaasa pa rin sa mga fuel fossil: ang karbon ay bumubuo ng 44.5 porsyento ng pinag-halo-halong pagbubuo ng enerhiya (power generation mix) ng bansa hanggang 2015 at likas na gaas (natural gas) 22.9 porsyento, ayon sa **Kagawaran ng Enerhiya ng Pilipinas**. Ang geothermal ay nag-ambag ng pinakamalaking bahagi ng nababagong enerhiya na 13.4 porsyento, habang ang hydro ay binubuo ng 10.5 porsyento, at solar 0.2 porsyento. Kung nais matugunan ng bansa ang sarili nitong mga layunin sa pagbabawas ng karbon (decarbonization), malinaw na kinakailangan ang **paglipat ng enerhiya patungo sa mga napapalitan (renewables)**.

Bagama't ang solar ay kasalukuyang binubuo ng isang maliit na porsyento ng kabuuang koryente, nakikita ito bilang isang mabilis na lumalagong merkado at nakakakuha ng maraming pansin mula sa *INQUIRER.net*, *Philstar.com*, at GNO—malalaking kalipunan ng media na karaniwang nagbibigay-diin sa mga interes ng negosyo. Sa mga pahayagang ito, ang mga artikulo sa enerhiya ay karaniwang isinusulat ng mga mamamahayag na sumasaklaw sa sektor ng negosyo. Gayunpaman, para sa mga pahayagan na nakabase sa Mindanao at Kabisayaan, ang pananaw ng mga komunidad sa mga proyekto sa enerhiya ay higit na binibigyang-diin ng mga mamamahayag na nakakakuha ng balita mula sa mga lokal na mga tagapagbulong. Ang pag-unawa sa mga pangunahing pagkakaiba ay mahalaga para sa mga nakikinabang na nagnanais na maimpluwensyahan ang salaysay ng media sa Pilipinas na pumapalibot sa paglipat ng enerhiya.


Talakayan

Kwalitatibong Pagsusuri: Mga Klase ng Salaysay at Gaano Kadalas

Uri ng salaysay ayon sa tuon ng nilalaman: Mataas na porsyento ng mga artikulo tungkol sa koryente

Karamihan sa mga pahayagan ay interesado sa mga balitang may kinalaman sa koryente, na binubuo ng higit sa kalahati (57%) ng kabuuang mga kwentong enerhiya na nailathala sa lahat ng limang mga online na pahayagan ng balita. Ang *INQUIRER.net*, *Philstar.com* at GNO—ang tatlong pinakamalaking pahayagan ng balita—ay madalas na tinalakay ang koryente sa mga pagpapahayag ng pagtaas o pagbaba ng presyo ng enerhiya, na direktang nakakaapekto sa mga tagapagtustos ng koryente at mga tagapagkonsumo. Ang

Mga paksang saklaw sa mga ulat sa enerhiya na nakabase sa Pilipinas na nailathala mula Enero 1, 2019, hanggang Hulyo 1, 2020




mga artikulong ito ay madalas na nakabatay sa mga press release at mga pahayag ng Philippine Energy Regulatory Commission at ng National Grid Corporation of the Philippines.

Si Luis Gorgonio, isang editor ng balita ng GNO, ay nagsabi na karaniwang nakatuon ang mga artikulo tungkol sa koryente sa "pagtaas ng mga halaga ng koryente, hindi magandang serbisyo, hindi patas na porsyento [50%] ng singil sa koryente mula sa system loss o kinukupit na koryente at ang kumplikadong pamamaraan ng pagsingil na hindi maintindihan ng karamihan sa mga tao."

Para sa mga rehiyonal na pahayagan tulad ng *SunStar* at *MindaNews*, ang talakayan tungkol sa koryente ay karaniwang umiikot sa mga kooperatiba ng koryente, na pribadong pagmamay-ari, non-stock, mga entidad na non-profit na nagtutustos ng koryente sa kani-kanilang mga pamayanan. Nakakagulat, para sa nakabase sa Mindanao na *MindaNews*, ang koryente ay pangalawa lamang sa dami ng mga ulat sa pahayagan tungkol sa napapalitang enerhiya; ang huli, sa 21 artikulo, ay binubuo ng higit sa kalahati ng kabuuang mga artikulo nito sa enerhiya.

Uri ng artikulong tinalakay ayon sa epekto: Nangingibabaw ang epekto sa ekonomiya

Bilang ng mga nakabase sa Pilipinas na ulat sa enerhiya na inilathala mula Enero 1, 2019, hanggang Hulyo 1, 2020 na tumatalakay sa iba't ibang mga epekto



Sa mga nailathalang ulat, halos kalahati ay tinalakay ang **mga implikasyon** sa ekonomiya ng mga pagbabago sa suplay ng enerhiya; ito ang karamihan sa mga salaysay na ito ay nakatuon sa mga singil ng koryente, brownout, at ang pangkalahatang suplay ng at pangangailangan sa enerhiya.

Maraming mga nagtatrabaho sa media, kabilang si Gorgonio mula sa GNO at Gabriel Pabico Lalu mula sa INQUIRER.net, ang naniniwala na ito ang pinahahalagahan ng kanilang mga mambabasa—na pawang mga tagapagkonsumo ng koryente. Pinakaunting tinalakay ang mga epekto sa kalikasan, pagkatapos ng mga pang-ekonomiya, pampolitika, at panlipunang mga epekto. Kinumpirma ito ng isang hindi nagpapakilalang editor sa INQUIRER.net na nagsabi na ang mga salaysay sa enerhiya ng pahayagan ay bihirang nakatuon sa mga epekto sa kalikasan.

Kwalitatibong Pagsusuri: Karaniwang mga Balangkas ng Artikulo sa Enerhiya

Ang karbon ay pinuna bilang mapanganib sa kalikasan at kalusugan; ang pangkalahatang kahusayan ay inusisa

Bagama't ang balangkas ng kalikasan ay hindi ginamit nang madalas tulad ng iba, marami sa mga salaysay na gumamit nito ay mga balita tungkol sa karbon (coal). Sa 167 artikulo ng karbon na sinuri, 103 (62 porsyento) ang nakabalangkas na ang karbon ay isang negatibong pamamaraan bilang isang "maruming pinagkukunan ng enerhiya," sa kabila ng ambag

nito sa halos kalahati ng kabuuang koryente ng bansa. Sa pahayag na ito, ang mga ulat, kapwa lokal at pambansa, na labis na sumipi mula sa mga tagapagtaguyod ng malinis na enerhiya, mga nagmamalasakit na mamamayan, at mga opisyal ng relihiyon na nagdidiin sa mapanirang mga epekto ng karbon sa mga pamayanan—bagama't ang mga pangunahing pahayagan ay karaniwang umaasa sa mga pambansang kinatawan ng awtoridad. Ang mga kilalang tagapagtaguyod ng malinis na enerhiya tulad ni Gerry Arances mula sa Center for Energy, Ecology and Development ay sinipi sa 46 na artikulo- mga kalahati ng lahat ng nagpatibay ng kontra-karbon na balangkas.

Ang iba pang mga pambansang kinatawan ng awtoridad ay nag-ambag din ng kanilang tinig sa mga kritikal na ulat na ito. Ang maimpluwensyang Simbahang Katolika, na nagsasabing 86 porsyento ng populasyon ay kanilang mga tagasunod, ay may matatag na paninindigan laban sa karbon sa media. Makikita ito sa 22 mga ulat sa INQUIRER.net, Philstar.com, at GNO na binabanggit ang mga opisyal ng relihiyon tulad ng Obispo ng Diyoses ng San Carlos City ng Simbahang Katolika na si Bishop Gerardo Alminaza, at ang paring taga-Mindoro na si Padre Edu Gariguez.



Nag-oorganisa ang mga nagpo-protesta laban sa pasilidad ng 1,200-MW na koryente na pinapatakbo ng karbon sa Atimonan, lalawigan ng Quezon, Pilipinas. Larawan ng [350.org/Flickr/https://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/2.0/](https://www.flickr.com/photos/350.org/)

Para sa mga rehiyonal na pahayagan, ang mga lokal na opisyal ng pamahalaan at mga pamayanan nananinirahansapaligid ng mga planta ng karbon ang pinakamalakas na tinig na sumasalungat sa karbon.

Isang **ulat** ng *SunStar Cebu* ang nagbigay-diin sa pakikibaka ng tatlong pamayanan sa Barangay Toledo na nasa tabi ng planta ng Therma Visayan Inc. na naglalabas ng mabahong amoy. Sa salaysay na ito, ang mapagkukunan ng enerhiya ay nakabalangkas bilang isang panganiib sa kalusugan.

Samantala, naglabas ang *MindaNews* ng isang **espesyal na ulat** na nagbanggit sa aktibista ng kalikasan at pinuno ng tribu na si Datu Victor Danyan, na pinatay matapos niyang salungatin ang isang panukalang proyekto sa pagmimina ng karbon (coal). Sa salaysay na ito, ang karbon (coal) ay gumaganap bilang isang pinagtatalunang mapagkukunan ng enerhiya na may malakas na tagasuporta, na nagpapahiwatig na ang pagtutol sa karbon ay maaaring humantong sa karahasan para sa mga katutubo.

Ang pagkakaiba-iba sa mga sangguniang pahayag ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng kung paano maghanap ng mga balita ang panrehiyong pahayagan kumpara sa mga pangunahing media. Ang mga mamamahayag mula sa panrehiyong *SunStar* at *MindaNews* ay regular na nakakakuha ng mga ideya sa balita mula sa mga tagapagbulong (tipsters) o simpleng mamamayan, bilang karagdagan sa mga kilalang mga grupong pangkalikasan o tagapagtaguyod, ayon kay Ronald Reyes, ang correspondent ng *SunStar* sa Tacloban, at si Malu Cadelina-Manar, isang stringer para sa *MindaNews*. Sinabi ni Cadelina-Manar na madalas siyang tumingin sa mga "texters" o ordinaryong masa na magsasabi sa kanya tungkol sa mga nangyayari sa lugar.

Samantala, lahat ng mga manunulat mula sa *INQUIRER.net*, *GNO*, at *PhilStar.com* ay nagsabi na mas umaasa sila sa mga press release, mga pulong pambalitaan (press conferences) at establisadong network na mayroong kapani-paniwalang tinig sa publiko at pribadong sektor para sa mga balita.

Sa loob ng grupong ito, namumukod-tangi ang *GNO* para sa paglathala ng 13 sa 27 mga artikulo na nagbalita tungkol sa mga planta ng karbon na nadamay dahil sa mga brownout kapag mababa ang mga reserbang koryente—marahil dahil sa nakatutok ang channel sa pagkaroon ng koryente. Samantala, isang **ulat** ng *Philstar.com* ang gumawa ng inisyatiba at tahasang kinilala ang karbon (coal) bilang hadlang sa pagkamit ng pambansang seguridad ng enerhiya. Gamit ang isang pang-ekonomiyang balangkas (economic framing) na pumupukaw sa pambansang makabayang damdamin, sinisisi nito ang karbon sa pagiging dependyente ng Pilipinas sa iba pang mga bansa para sa suplay ng enerhiya, dahil **umaangkat ang bansa ng 75 porsyento ng suplay ng karbon**.

Ang anggulong pagpupungas ng klima ang iminungkahi ng isang opisyal ng gobyerno

Bagama't maraming mga artikulo ang nagbabanggit ng mga epekto sa kalikasan ng karbon at mga kaugnay na kasunduan sa klima, walo lamang ang malinaw na nagtaguyod ng balangkas ng pagpungas ng klima kapag tinatalakay ang pangangailangan para mabawasan ang paggamit ng karbon. Ang isang kapuna-punang halimbawa ay nagmula sa sangay ng *SunStar* sa Negros, kung saan ang debate ng karbon ay nakasentro kay Gobernador Alfredo Maranon Jr., na aktibong tumututol sa karbon upang mapigilan ang epekto ng pagbabago ng klima. Nilagdaan ng gobernador ng Negros ang isang ehekutibong kautusan na nagtulak para sa isang lalawigang walang karbon, na nagdulot ng magkahalong reaksyon sa mga politiko sa lugar. Habang ang salaysay na ito ay tumatalakay sa politika sa rehiyon, gayunpaman, wala ni isang pangunahing pahayagan ng balita na nakabase sa Maynila ang nagka-interes dito.

Binalangkas ng ilang mga artikulo ang karbon bilang "mabuti para sa ekonomiya"

Bagama't 62 porsyento ng 167 artikulo ng karbon ang mayroong negatibong balangkas, 13 porsyento, o 21 artikulo, ay naglalarawan pa rin sa mapagkukunang enerhiya na mabuti para sa ekonomiya." Gayunpaman, halos 40 porsyento ng lahat ng mga balita na umaayon sa karbon ay nagmula sa isa sa limang mga pahayagan, ang *INQUIRER.net*. Sa pangkalahatan, ang mga artikulong pabor sa karbon (coal) ay nagtutulak sa mga mambabasa na ipalagay na ang paglinang ng karbon ay "hindi maiiwasan" sapagkat ito ay mura at hindi maaaring maalis sa mga umuunlad na bansa. Ang mga artikulo ay nagbanggit ng ilang mga bagong **planta ng karbon (coal plants)** pati na rin ang mga pahayag mula sa mga grupo ng interes tulad ng **World Coal Association** upang suportahan ang pahayag na ito.

Sa katunayan, ang *INQUIRER.net* ay ang nag-iisang pahayagan sa mga nasuring nagtatampok ng pahayag mula kay Michelle Manook, punong ehekutibo ng asosasyon ng karbon, na nagsabing "malaki ang nai-aambag ng karbon sa paglago ng ekonomiya at pang-araw-araw na buhay." Ang pahayagan ay naglathala rin ng isang malaking bilang ng mga artikulo (34%) na, habang nagtataguyod ng napapalitang enerhiya, tinanggal ang posibilidad na ganap na mapapalitan nito ang karbon sa layunin ng kabuuang pambansang elektripikasyon.

Ang mga personal na pananaw ng mga mamamahayag ay nakakaapekto sa anggulo ng salaysay hinggil sa karbon

Ang mga personal na pananaw ng mga mamamahayag ay maaaring makaimpluwensya sa anggulo ng salaysay hinggil sa karbon— isang opinyon na ipinahayag ng dalawang editor at isang reporter na nakapanayam. Si Victor Sollorano ay dating senior news editor sa *GNO* na nag-edit ng maraming ulat sa enerhiya mula Enero hanggang Disyembre 2019. Sinabi niya na ang karbon ay "marumi at mapanganib, at ang pagkuha nito ay nagbibigay ng malaking pinsala sa Inang Kalikasan, partikular na ang open-pit mining." Ang semi-retiradong editor sa agham ng *Philstar.com* na si Juaniyo Arcellana ay nagbahagi sa isang panayam na ang paglilipat sa mga napapalitang enerhiya ay isang "likas na ayos ng mga bagay."

Samantala, si Ted Cordero, isang reporter ng negosyo sa *GNO* na sumulat ng 132 mga balita hinggil sa enerhiya mula Enero 1, 2019, hanggang Hulyo 1, 2020, ay nagsabing dahil itinuturing na maruming panggatong ang karbon sa maraming mga bansa, ang negatibong pagbabalangkas ng mga kwento tungkol sa karbon ay "sinasadyang gawin ng mga mamamahayag upang makatawag-pansin sa mga awtoridad tungkol sa masamang epekto nito sa kapaligiran at sa kalusugan ng publiko."

Ang napapalitang enerhiya na pinuna sa panrehiyong media; binalangkas ng mga pangunahing pahayagan bilang pinagkakakitaan

Ang pagbalangkas ng salaysay sa napapalitang enerhiya ay malawak na nag-iiba sa pagitan ng mga pahayagan na nakabase sa Mindanao at Kabisayaan, na nagbibigay diin sa pananaw ng mga lokal na komunidad, at ang mga pahayagan na nakabase sa Metro Manila, na karamihan ay nagbabalangkas ng napapalitang enerhiya bilang isang pinanggagalingan ng kita.

Tulad ng nabanggit, ang napapalitang enerhiya ang nangungunang paksa ng enerhiya para sa *MindaNews*, kahit na ang pahayagan ay naglathala ng mas kaunting mga balita sa pangkalahatan kaysa sa pinakamalaking media sa Pilipinas, na may 40 artikulo lamang sa enerhiya kumpara sa 330 ng *INQUIRER.net*. Ang mga balita tungkol sa mga lokal na proyekto sa napapalitang enerhiya ay umabot ng higit sa kalahati ng 40—marami sa mga ito ang mapanuri.

Ang isang kadahilanan ay maaaring ang interes ng pahayagan sa paggamit ng tema na lokal-laban-gobyerno upang maibalita ang mga proyekto sa pag-unlad (development projects) na sinusupportahan ng gobyerno, na ipinakita ng siyam na mga artikulo tungkol sa mga napapalitang enerhiya. Kasama rito ang isang mahabang ulat tungkol sa kung paano ang Solar-powered Irrigation Systems ng gobyerno, taliwas sa sobrang inaasahan, ay binigo ang mga lokal na magsasaka at pinigilan ang pag-unlad.

Ang tatlong salaysay ng *MindaNews* mula Oktubre–Nobyembre 2019 tungkol sa nakaplanong planta ng geothermal sa Mt. Apo ay nagbigay ng mas malinaw na mga halimbawa ng anggulong komunidad-laban-sa-gobyerno. Ang reporter na si Malu Cadelina-Manar ay nagpaliwanag na bago mag-online, ang planta ng geothermal na ito ay nakaranas ng pagtutol mula sa maraming mga tribu, na naging tuon para sa kanyang pagbabalita. Sa paglaon, ang yugto-3 ng planta ng koryente ay isinantabi.

Samantala, para sa nakabase sa Maynila na *INQUIRER.net*, *Philstar.com*, at *GNO*, ang mga balita tungkol sa napapalitang enerhiya ay binubuo lamang ng 30 porsyento ng kabuuang mga balita sa enerhiya na nailathala; karamihan sa mga ginamit ang balangkas ng negosyo upang ilarawan ang mga napapalitang enerhiya bilang isang kapaki-pakinabang na pamumuhunan para sa mga tagapagtustos ng koryente tulad ng Aboitiz, MGen Renewable, at Vivant.

Samantala, mayroong 12 mga ulat tungkol sa mga dayuhang kumpanya na nakabase sa ibang bansa, pati na rin ang mga dayuhang kumpanya na may lokal na presensya, na naghahangad na mamuhunan sa katayuan ng napapalitang enerhiya sa Pilipinas. Hindi ito nakapagtataka, na kung tutuusin, ay ang Maynila ang sentro ng ekonomiya ng bansa.


Ang mga ulat ay madalas na gumamit ng anggulong pang-ekonomiya upang magpakita ng pansin sa mga lokal na kumpanya na naglilipat sa malinis na enerhiya sa pagsisikap na **mapaganda ang kanilang portfolio**—isang pahayag na binanggit nang dalawang beses ng reporter ng negosyo ng *Philippine Daily Inquirer* na si Ronnel W. Domingo sa kanyang mga balita sa enerhiya—pati na rin ang mga komunidad na umaani ng mga pakinabang na pang-ekonomiya at pang-kalikasan mula sa malinis na mapagkukunan ng enerhiya. Sa *Philstar.com*, ang mga balita ng enerhiya ay nagtatampok ng mga lokal na kumpanya na naglalagay sa buong bansa ng mga bagong planta ng napapalitang enerhiya.

Ang isang pangunahing reporter at dalawang pangunahing editor ng media ay tiningnan ang mga napapalitang enerhiya (renewable energy) sa isang mas positibong pananaw kumpara sa karbon (coal), at nagpapahayag ng matinding paniniwala sa agham na nagsasabing ang napapalitang enerhiya ay napapanatili (sustainable) at ang mga pagsulong sa teknolohiya ay hahantong sa isang napipintong pagbaba ng mga presyo ng solar panel.



Isang negosyante ang nagbabasa ng pahayagan nang bumagsak ang presyo ng stock sa Philippine Stock Exchange sa Makati Central Business District sa Maynila. Larawang kuha ni Erik de Castro/Reuters

Limang nangingibabaw na mga balangkas sa saklaw ng solar na enerhiya



Si Sollorano, ang dating editor ng GNO, ay nagsabi na ang napapalitang enerhiya ay nagtataglay ng maraming potensyal para sa bansa sa larangan ng enerhiya, kahit na nagsisimula pa lamang itong lumaki. "Ang pananaliksik ng MIT [Massachusetts Institute of Technology] ay ipinakita ang presyo ng mga photovoltaic module na bumaba ng 99 porsyento sa nakaraang 40 taon o higit pa. Ipinahiwatig din ng pag-aaral na ang solar ay maaaring maging pangalawang pinakamalaking mapagkukunan ng pandaigdigang elektrisidad sa 2050 pagkatapos ng hangin, na bumubuo ng 25 porsyento sa kabuuan," paliwanag niya.

Enerhiyang Solar: Isang Pangunahing Pinagmumulan ng Interes

Sa lahat ng mga mapagkukunan ng napapalitang enerhiya na nasuri sa pag-aaral na ito, bumubuo ang solar ng pinakamaraming balita sa media, sa kabila ng pinakamaliit na ambag nito sa kasalukuyang enerhiya ng Pilipinas. Ang isang napapalitang uri ng enerhiya na ito ay umabot ng higit sa 50 porsyento ng lahat ng mga nailathala na artikulo sa enerhiya. Limang nangingibabaw na mga balangkas ang lumabas kapag sinusuri ang mga balitang hinggil sa solar na enerhiya. Kapag niranggo sa pagkakasunud-sunod at gaano kadalas, inilalarawan ng mga ito ang solar bilang isang magandang pamumuhunan (21 artikulo), mabuti para sa mga tagapagkonsumo upang makatipid ng pera (18 artikulo), magagawang dagdagan ang baseload ng elektrisidad (12 artikulo), isang di-magandang pamumuhunan (11 artikulo), at nakakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya (11 artikulo). Ang mga balangkas ay hindi kapwa eksklusibo.

Ang 21 artikulo na nagpakita ng solar bilang isang kapakipakinabang sa mga namumuhunan, ay karaniwang nailathala sa mga pangunahing pahayagan, na nakatuon sa mga kumpanya na namuhunan sa napapalitang enerhiya (renewable energy) o nag-ugnay ng mga kasunduan sa mga kumpanya na mayroong layong "mapalakas ang kanilang portfolio sa napapalitang enerhiya." Ang pinakakaraniwang sanggunian sa mga balitang ito ay ang mga kinatawan ng negosyo na tumalakay ng mga pang-ekonomiya at pangkalisang epekto ng napapalitang enerhiya.

Ang 18 artikulo na naglalarawan ng solar na nakakabuti sa mga tagapagkonsumo bilang murang alternatibo, laban sa paniniwala ng publiko na ang karbon at fossil fuel ang siyang pinakamura sa merkado. Sa **ulat** ng GNO, isang kasunduan sa pagitan ng Solar Philippines at Meralco, ang pinakamalaking tagapagkaloob ng koryente sa Metro Manila, ay sinabing siyang dahilan ng pagbaba sa mga presyo ng koryente para sa mga tagapagkonsumo. Ang 12 artikulong naglalarawan ng solar bilang isang mapagkukunan ng enerhiya na maaaring makadagdag sa baseload power ay

nakatuon sa kung paano na ang pagdaragdag ng solar sa pambansang grid ay maaaring makabawas sa panganib ng matagalang pagkawala ng koryente.

Bukod dito, 11 artikulo ang naglalarawan sa solar bilang katulong sa pag-unlad sa mga lugar na liblib—7 rito ay nailathala ng mga pahayagan sa rehiyon. Gayunpaman, dahil wala pang pribadong pamumuhunan sa mga solar na proyekto sa mga rehiyon na ito, ang mga balita ay halos nakatuon sa mga benepisyo at kahinaan ng mga proyekto sa pag-unlad (development projects). Sa isang **ulat** ng *MindaNews*, sinuri ng mga mamamahayag ang isang proyekto ng solar power na suportado ng European Union na nangakong magbibigay sa mga sambahayang-benepisyaryo ng isang solar home system unit at mga proyektong pangkabuhayan na lubos na kapaki-pakinabang sa mga katutubo.

Ang karaniwang binabanggit na mga problemang pumipigil sa paglago ng solar ay ang kumplikadong mga proseso ng pag-apruba mula sa Kagawaran ng Enerhiya at ang mataas na mga taripa (feed-in tariffs), ayon sa mamamahayag ng *MindaNews* na si Froilan Gallardo. Kapansin-pansin, ang mga sagabal sa pagkokonekta ng kasalukuyang grid sa teknolohiya ng solar power, ang pagkamaasahan nito, at ang kapasidad na gumawa ng enerhiya kumpara sa mga fossil fuel ay hindi nabanggit sa alinman sa mga artikulo.

Kwalitatibong Pagsusuri: Kalidad ng Artikulo

Karamihan sa mga balita ay malinaw na naipaliwanag ang mga mahihirap na konsepto ng enerhiya

Ang lahat ng 14 na mga taga-media na nakapanayam para sa pag-aaral ay isinasaalang-alang ang paliwanag ng mga mabibigat na konsepto—tulad ng FIT-All, net metering, at mga implikasyon ng iba't ibang mga alerto na inilalabas ng National Grid Corporation of the Philippines—isang dalisay na katibayan ng isang magandang kwento ng balita. Tatlong-kapat (3/4) ng lahat ng mga artikulo na nasuri ay sapat na naipaliwanag ang mapaghamong mga konsepto ng enerhiya para sa kanilang mga mambabasa. Gayunpaman, ang iba ay nabigo na lubusang tukuyin ang ilang mga teknikal na termino, at 1 porsyento ng lahat ng mga artikulo ay puno ng mga pabalbal na salita.

Ang mga hindi naiintindihang ulat na ito, na madalas na matatagpuan sa mga seksyon ng negosyo ng kanilang mga pahayagan, ay karaniwang tinatalakay ang tungkol sa mga singil sa koryente (generation charge) o mga pag-update sa mga pagkawala ng koryente sa lugar, gamit ang teknikal na wika sa pagpapakita kung paano makakaapekto ang mga isyung iyon sa mga tagapagtustos ng koryente at mga tagapagkonsumo. Ipinagpalagay ng mga may-akda na ang kanilang mga mambabasa ay pamilyar na sa mga termino.

Karamihan sa mga balita ay nagbigay ng sapat na konteksto at background

Ang isang malaking bilang ng mga ulat na nasuri ay nagbigay ng konteksto sa mga paksa o mga patakaran na kanilang tinatalakay. Mas madalas kaysa sa hindi, naglalaman ang mga balitang ito ng isang maikling pangkalahatang ideya ng mga nakaraang pangyayari, na nagbibigay ng impormasyon sa background sa



Ang Palinpinon Geothermal Power Plant sa Valencia, Lalawigan ng Negros Oriental, Pilipinas. Larawang kuha ni Mike Gonzalez/TheCoffee/Creative Commons Attribution-Share Alike 3.0 Unported

mga patakaran sa enerhiya, o may kasamang mga hyperlink sa mga nauugnay na mga keyword sa buong artikulo.

Partikular na nangunguna ang panrehiyong *MindaNews* para sa paghahatid ng makabuluhang konteksto para sa mga lokal na mambabasa. Mahigit sa kalahati ng mga artikulo nito ang nagbigay ng nauugnay na pambansa at panrehiyong konteksto para sa mga mambabasa, habang 36 porsyento lamang ng mga artikulo mula sa iba pang mga sanggunian ang mayroong ganito.

Halimbawa, isang balita tungkol sa kahandaan ng mga pasilidad sa paghahatid ng koryente na isinulat ng mamamahayag ng *MindaNews* na si Antonio L. Colina IV ay may kasamang mga paliwanag sa kasalukuyang suplay ng koryente sa grid ng Mindanao at ang memorandum mula sa Kagawaran ng Enerhiya na nagpahayag ng pagbuo ng isang task force na magsisiguro ng matatag na suplay ng koryente sa panahon ng halalan. Ang impormasyon sa background tulad nito ay nakakatulong sa mga mambabasa na maunawaan ang balita sa kabuuan.

Kung ikukumpara sa ibang mga online media outlet, ang GNO ay naglathala ng pinakamaraming balita (51%) na walang ibinigay na konteksto. Marami sa mga ulat na ito ang nagbalita sa sitwasyon ng koryente sa Metro Manila, batay sa pula at **dilaw na mga alerto** na inisyu ng National Grid Corporation of the Philippines at mga update mula sa Meralco. Ang mga artikulong ito sa pangkalahatan ay nagtatampok ng mga sipi mula lamang sa isang sanggunian—alinman sa isang kinatawan ng negosyo o post sa social media ng isang organisasyon.



Ang Lava ay dumadaloy mula sa bunganga ng Mt. Mayon Volcano habang may bagong pagsabog sa Legazpi City, lalawigan ng Albay, Larawan ni Romeo Ranoco/Reuters

BALITA HINGGIL SA ENERHIYANG GEOTHERMAL: ISANG PINAG-AARALANG KASO

Ni Jason Paolo Telles | Climate Tracker Fellow

Bilang isang bansa na nasa **Pacific Ring of Fire**, ang Pilipinas ay isa sa mga nangungunang tagalinang ng geothermal power sa mundo, isang mahalagang mapagkukunan ng malinis na enerhiya. Habang ang karbon (coal) ang nangingibabaw sa pinag-halo-halong pagbuo ng enerhiya (energy mix) sa Pilipinas, ang geothermal ay kasalukuyang bumubuo ng 13.4 porsyento ng kabuuang enerhiya, ang pinakamalaki sa anumang napapalitang enerhiya. Ngunit paano ibinabalita ng media ang produksyon, distribusyon, at paggamit ng mapagkukunang ito ng enerhiya? Itinakda ng aking pagsasaliksik na siyasatin ang mga kalakaran sa pagbabalita ng media sa geothermal na enerhiya mula Enero 2019 hanggang Agosto 2020.

Talakayan

Ginagawa ng PNA, na pag-aari ng estado, ang pinaka-maraming geothermal na balita, binibigyang-diin ang balangkas na pangkalikasan.

Sa pangkalahatan, ang mga komersyal na online na kumpanya ng media ay bihirang mag-ulat tungkol sa geothermal na enerhiya: ang bawat isa sa mga kumpanya ng balita na sinuri sa pananaliksik na ito ay naglathala lamang ng average na 6.4 na mga artikulo sa mga proyekto ng geothermal na enerhiya mula Enero 2019 hanggang Agosto 2020. Ang pag-aari ng estado na PNA ay may mas maraming mga artikulo sa geothermal kaysa sa lahat ng mga pahayagang komersyal na may 30 porsiyentong higit pang mga balita kaysa sa pambansang average sa loob ng 20 buwan.

Hindi lamang namumukod-tangi ang PNA sa pagkakaroon ng pinaka-maraming artikulo tungkol sa geothermal, ito rin ay karaniwang gumagamit ng balangkas na pang-kalikasan upang isulat ang tungkol sa anyong ito ng enerhiya. Sa katunayan, lima sa siyam na ulat nito tungkol sa geothermal ay halos tinalakay ang pangangailangang lumipat sa napapalitang enerhiya para sa isang matatag na Pilipinas.

Tatlong pangunahing dahilan ang maaaring magpaliwanag sa talaan ng PNA. Sinabi ng pinuno ng kagawaran ng PNA-Dumaguete na si Mary Judaline Partlow na bilang isang ahensya ng balita, tinatanggap nito ang mga paksang nauugnay sa geothermal sapagkat ang napapalitang enerhiya ay "kalakaran" sa Pilipinas at sa buong mundo. Ang paniniwalang ito ay maaaring maiugnay sa mga mamamahayag ng ahensya, na ang ilan sa kanila, tulad ni Partlow at PNA correspondent Elvie Roman-Roa, ay sadyang iniisip ang pangkalikasang kamalayan sa pag-uulat bilang isang uri ng adbokasiya.

Ang pangalawang dahilan para sa kanilang mga ulat sa geothermal ay ang pagiging malapit ng mga tanggapan ng PNA sa mga planta ng geothermal, si Partlow ay nakabase sa Negros Oriental at si Roman-Roa na nakabase sa Leyte. Ang parehong mga lalawigan ay mayroong malalaking mga planta ng geothermal ng Energy Development Corporation, ang nangungunang tagalinang ng geothermal sa bansa at iba pang mga anyo ng napapalitang enerhiya.

Ang pangatlo at pinaka-tunay na dahilan ay ang pagsusulong ng ahensya ng "development journalism," na, ayon kay Roman-Roa, ay nagpapahiwatig ng "mga artikulo na makakatulong sa pagsusulong ng mga programa ng gobyerno." Ang pananaw na ito ay sinang-ayunan ni Partlow, ngunit para sa kanya, ang "development journalism" ay nangangahulugan ng pag-uulat ng mga aktibidad, programa, pangyayari, at mga proyekto, na ang karamihan ay pinasimulan ng gobyerno, na may kaugnayan sa lokal at pambansang kaunlaran. Ang development journalism ay isa sa mga tungkulin ng PNA mula nang maitatag ito noong 1973 sa ilalim ng rehimeng Ferdinand Marcos. Ito ay maliwanag na nakikita sa mga balita ng PNA sa geothermal, na binabalangkas ang mga planta ng geothermal bilang mga proyekto sa pag-unlad na may mga pambansang benepisyo.

Nangingibabaw ang pang-ekonomiyang balangkas sa mga pahayagang pangkomersyo

Ang nangingibabaw na balangkas ng balita na ginamit ng mga pambalitaang website ng mga pahayagang pangkomersyo sa Pilipinas ay ang pang-ekonomiyang balangkas, na itinuturing ang enerhiya ng geothermal bilang isang pamumuhunan sa negosyo. Maaari itong maobserbahan sa 16 na mga artikulo ng balita ng mga

komersyal na pahayan, na karamihan ay inilalagay sa mga seksyon ng negosyo o mga seksyon ng salapi ng kanilang mga pahayagan.

Si Jon Viktor Cabuenas, news producer sa GNO, ay ipinaliwanag ito sa pagsasabing ang industriya ng napapalitang enerhiya "ay karaniwang sinusuportahan ng mga kumpanya at korporasyon." Si Angela Baylon ng GNO News, sa isang panayam na isinagawa para sa naunang pagsasaliksik, ay sinabi na ang balangkas na pang-ekonomiya ay dahil na rin sa mas pabor ito sa negosyo.

Si Kristine Sabillo ng ABS-CBN, ay nagsabi na ang mga mamamahayag na nakatalaga sa beat ng negosyo ay karaniwang ang mga tuwirang tumatanggap ng mga press release at update mula sa mga kumpanya o mga samahang pangnegosyo. Sinabi ni Sabillo na "ang dahilan kung bakit karamihan sa mga reporter ng negosyo na [nag-uulat tungkol sa enerhiya] ay dahil sila ang may kasanayang teknikal upang maunawaan" ang terminolohiya at impormasyon tungkol sa negosyo sa enerhiya.

Walang nakatalaga para sa balitang enerhiya at pang-kalikasan sa mga nangungunang komersyal na pahayagan ng Pilipinas, na maaaring paliwanag kung bakit kulang ang mga balitang naiulat mula sa balangkas na pang-kalikasan. Kahit na si Sabillo, isa sa may pinakamaraming naisulat na balita tungkol sa enerhiya at kalikasan, ay opisyal na nakatalaga sa isang "general assignment" na gawain, na nangangahulugang hindi niya pangunahing tuon ang enerhiya at ang kalikasan.

Ang pang-aghambalangkas ay nagmumula sa anyo ng mga ekspertong tampok

Dalawang pahayagan lamang—ang ABS-CBN at INQUIRER.net—ang gumagamit ng balangkas na agham at teknolohiya sa panahong pinag-aralan, at kapwa nakatuon ang mga salaysay na ito sa opinyon ng isang kilalang dalubhasa sa siyensya. Naglathala ang ABS-CBN ng isang tampok na artikulo tungkol sa benepisyaryo ng isang gawad sa pananaliksik (research grant) mula sa Balik Scientist Program ng Kagawaran ng Agham at Teknolohiya ng Pilipinas at ang kanyang pananaw sa pangangailangan para sa ganap na paglipat ng bansa sa napapalitang enerhiya, kasama na ang geothermal. Ang artikulo ng INQUIRER.net, na gumagamit ng isang balangkas na agham, ay pinag-usapan ang tungkol sa opinyon ng isang geologist na ang bansa ay kailangang "makipag-kontrata sa Tsina" sa paggalugad at paglinang ng likas na gaas (natural gas) sa ilalim ng dagat sa loob ng mga teritoryo ng Pilipinas. Dito, nabanggit ang geothermal bilang isang nasayang na pagkakataon. Idinagdag ng geologist na ang geothermal ay ang "pinakamahusay na pagpipilian sa ngayon" at binigyang-diin ang posibilidad na makalikom ng hindi bababa sa "4,000 megawatts" ng enerhiya mula sa lahat ng mga mapagkukunang geothermal sa bansa.

Tampok sa pampolitikang balangkas ang pulong ni Duterte sa mga embahador; tinanggal ang mga lokal na tinig

Ginagamit lamang ang pampolitikang balangkas kapag ang mga nagsusulat ng balita ay nag-ulat tungkol pulong ng Pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte sa mga embahador kung saan ang kinatawan mula sa New Zealand ay nagpahayag ng interes na magkaroon ng mga aktibidad na bilateral sa Pilipinas, kabilang ang pagpapaunlad ng geothermal na enerhiya. Ang mga ulat na ito ay maikli, kahit paano, dahil ang mga mamamahayag ay nagsipi lamang sa isang pahayag (press statement) mula sa tanggapan ng pangulo.

Sa komersyal na pagmamay-ari ng gobyerno na media, ang iba pang mga nakikinabang tulad ng mga naninirahan sa mga komunidad kung saan naroroon ang mga planta ng geothermal, pati na rin ang mga tagapagkonsumo ng geothermal na enerhiya,

ay hindi nainterbyu. Inamin ni Cabuenas ng GNO na ito ay maaaring sanhi ng katotohanang ang buong operasyon ng GNO media ay nakabase sa Metro Manila, bagama't sinabi niya na kailangan nilang gumawa ng isang mas mahusay na trabaho bilang mga lokal na tinig upang "mag-alok ng isa pang pananaw sa...lokal na industriya [ng geothermal]."

Nabanggit din ng mga mamamahayag ng PNA ang mga paghihigpit sa heograpiya, na sinabi ni Partlow na "ang mga planta ng koryente ay masyadong malayo, hindi ka maaaring pumunta doon anumang oras." Sinabi din niya na wala silang sasakyan na maaaring magdala sa kanila sa mga komunidad. Mas madali pang makipag-ugnayan sa mga opisyal ng komunikasyon sa korporasyon ng Energy Development Corporation.

Kaya nakikita natin na ang pag-uulat tungkol sa geothermal na enerhiya sa mga pangkomersyong ahensyang pambalitaan sa Pilipinas ay kapansin-pansing kakaunti lamang. Ang mga pangkomersyong pahayagang pambalitaan ay nalilimitahan ng pang-ekonomiya, pang-lohistiko, at pang-institusyong mga kadahilanan. Sa kabilang banda, ang media na pagmamay-ari ng estado ay may higit na access sa mga anunsyo ng gobyerno at mga komunidad na malapit sa mga plantang geothermal at mga kumpanya—pati na rin ang pagtuon sa development journalism.



Jason Paolo Telles | @jpaotelles

Si Jason Paolo Telles ay Assistant Professor ng Broadcast Communication sa Unibersidad ng Pilipinas. Marami siyang karanasan sa larangan ng broadcast at print journalism, at sa kanyang dating trabaho sa maraming mga nangungunang pahayagan ng balita sa Pilipinas, kabilang ang ABS-CBN, GMA, at SunStar.

Konklusyon

Sa pangkalahatan, binibigyang-diin ng isang malalim na pagsusuri sa pagbabalita ng karbon, solar, at geothermal na enerhiya sa Pilipinas kung papaano na ang mga interes sa ekonomiya ay nagtutulak sa pag-uulat mula sa mga pambansang pahayagan tulad ng *INQUIRER.net*, *Philstar.com*, GNO, at ABS-CBN—lahat ng ito ay negosyong pinapatakbo.

Ito ang resulta ng isang proseso ng pag-uulat kung saan ang mga mamamahayag, karaniwang mga nakatalaga sa balitaang pang-negosyo, ay nakakakuha ng balita mula sa mga press release ng mga taga-suplay ng koryente, at mga pulong pambalitaan, at sipi mula sa mga pinuno ng kumpanya para sa kanilang mga artikulo. Bilang resulta ng ugnayan na ito, ang pagpigil sa pagbabago ng klima ay bihirang kasama bilang isang pangunahing tema sa karamihan ng mga artikulo, kahit na sa mga nagbabanggit sa mga kasunduan sa pagbabago ng klima sa internasyonal at kilalang mga aktibista sa kalikasan.

Ang enerhiyang solar, na may **pinakamataas na tinatayang taunang rate ng paglago sa merkado sa lahat ng mga uri ng enerhiya sa Pilipinas (13.4%)**, ay bumubuo ng pinakamaraming pansin ng media at karaniwang nakabalangkas bilang isang mahusay na pamumuhunan para sa mga nagsusuplay ng koryente at mga namumuhunan.

Ang karbon (coal), na may isang tinatayang rate ng paglago na kalahati na kasinglaki ng solar ngunit may mas malaking bahagi ng umiiral na merkado ng enerhiya, ay nakakakuha ng positibong balita ngunit mas madalas na negatibong nakabalangkas para sa mga epekto sa kalikasan at panlipunan.

Ang geothermal ay halos hindi nababalita sa mga komersyal na pahayagan ngunit nakakatanggap ng higit na pansin mula sa PNA na pag-aari ng estado bilang bahagi ng programa ng gobyerno sa pagpapaulad.

Ibang larawan ang lumilitaw kapag sinusuri ang mga pahayagan sa rehiyon sa Kabisayaan at Mindanao, *SunStar* at *MindaNews*. Dahil malayo ang kinalalagyan mula sa karamihan ng mga negosyong nakabase sa Maynila, ang mga mamamahayag dito ay higit na umaasa sa mga tagapagbulong ng komunidad, mga stringer, at social media para sa mga naiulat na ideya at sinusundan ang mga lokal na reklamo laban sa karbon pati na rin ang mga proyekto ng napapalitang enerhiya. Samakatuwid, minsang kinukwestyon ng kanilang mga artikulo ang mga benepisyo ng solar para sa lokal na komunidad sa kabila ng pagkilala sa papel nito sa pagpapanatili ng isang matatag na bansa sa hinaharap.

Ang *MindaNews*, sa partikular, ay namumukod-tangi bilang isang mahusay na tagapagbalita sa pagbibigay ng kinakailangang konteksto para sa mga mambabasa na magkaroon ng kanilang sariling konklusyon tungkol sa iba't ibang mga proyekto at patakaran ng enerhiya. Sa kabila ng paglathala ng mas kaunting mga artikulo ng enerhiya sa pangkalahatan, inuuna nito ang malalim na pagsusuri sa iba't ibang mga uri ng enerhiya kaysa sa mga pinasimpleng artikulo ng direktang balita.

Ang pananaliksik para sa ulat na ito ay isinagawa sa ilalim ng patnubay ng *Climate Tracker*, isang network ng 12,000+ mga baguhang mamamahayag sa buong mundo. Ang ulat na ito ay bahagi ng pangrehiyon na pagsusuri ng media na kinomisyon ng *Stanley Center for Peace and Security* at ginawa ng *Climate Tracker*.



Tungkol sa Amin

Ang *Stanley Center for Peace and Security* ay nakikipagtulungan sa mga mamamayan, organisasyon, at sa mas malawak na komunidad ng mundo upang maisulong ang pag-unlad ng patakaran sa tatlong larangan ng usapin—pagpapahupa sa pagbabago ng klima, pag-iwas sa paggamit ng mga armas na nuklear, at pagpigil sa malawakang karahasan at kalupitan. Itinatag ang center noong 1956 at pinapanatili nito ang pagiging malaya habang pinapaunlad ang mga talakayan para sa magkakaibang mga pananaw at ideya. Para sa higit na kaalaman tungkol sa aming mga kamakailang paglalathala at mga paparating na kaganapan, mangyaring bumisita sa stanleycenter.org.



Tungkol sa Climate Tracker

Ang *Climate Tracker* ay ang pinakamalaking pangkabataang proyekto sa pamamahayag ng klima sa buong mundo. Aming sinasanay at binibigyan ng kapangyarihan ang mga kabataan sa buong mundo upang maimpluwensyahan ang kanilang mga pambansang debate tungkol sa pagbabago ng klima, at mailathala ang kanilang mga ideya sa pambansang media. Pinapadala namin ang pinakamagagaling na kabataan sa mga internasyonal na kumperensya kung saan maaari silang magkaroon ng isang direktang impluwensya sa mga gumagawa ng desisyon at makakuha ng isang karanasan sa paghubog ng pambansa at internasyonal na patakaran. ClimateTracker.org.

